



Sundin ang mga sumusunod na inirerekomendang

Hakbang sa Pagkontrol ng Hawaan


sa pangangalagang pangkalusugan para ihinto ang pagkalat ng mga viral na sakit sa baga gaya ng influenza, RSV, at COVID-19.



Kumakalat ang mga virus sa baga sa pamamagitan ng mga droplet mula sa baga, mula sobrang laki hanggang sobrang liit.



Hinaharangan ng mga mask ang mga droplet na ito.



Kapag kailangan at kapag ginamit nang tama, fini-filter ng mga respirator ang mga droplet mula sa baga habang lumalanghap at bumubuga ng hangin.



Ang pagsusuot ng mga mask at respirator sa mga pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan



ang poprotekta sa iyo, sa mga pasyente mo, at sa mga katrabaho mo.



U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention



[cdc.gov/ProjectFirstline](https://www.cdc.gov/ProjectFirstline)

Sundin ang mga sumusunod na inirerekomandang

Hakbang sa Pagkontrol ng Hawaan

sa pangangalagang pangkalusugan para ihinto ang pagkalat ng mga viral na sakit sa baga gaya ng influenza, RSV, at COVID-19.

Ang Influenza, RSV, at SARS-COV-2 ay may fatty envelope na bumabalot sa mga ito.

Mabisa ang regular na paglilinis at disinfection para mapigilan ang pagkalat ng mga ito.

Paano?


Kalinisan ng Mga Kamay

Disinfection sa Kapaligiran

Tinutunaw ng alcohol-based sanitizer ang fatty envelope, na sumisira sa virus.



Binabalot ng sabon ang virus, at binabanlawan ito ng tubig para maalis sa balat.



Tinutunaw ng mga EPA-registered disinfecting product ang fatty envelope, na sumisira sa virus.



U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention



[cdc.gov/ProjectFirstline](https://www.cdc.gov/ProjectFirstline)